

# 1

Nag-ring ang cellphone ni Olivia. Nagdalawang-isip siya kung sasagutin iyon. Ang kanyang Kuya Gary na nakatira sa States ang tumatawag. Huling beses na tumawag ito ay nangutang sa kanya at hindi na nagbayad.

Hindi niya pinansin iyon at nagpatuloy lang sa pagda-drive. Nagulat siya nang muling mag-ring iyon pagkatapos ng dalawang minuto. Si Gary ulit ang tumatawag.

Huminga siya nang malalim. Alam niya ang ugali ng kapatid; hindi ito titigil sa pagtawag hangga't hindi siya nakakausap.

“Hello!” galit na pagsagot niya.

“May friend akong darating sa bahay mo ngayon o bukas. Sinabi ko sa kanya na p’wede siyang tumira d’yan dahil malaki naman ‘yan at ikaw lang mag-isa ang nakatira. Ikaw na ang bahala kung magkano ang sisingilin mo sa upa...” Tuloy-tuloy lamang ito sa pagsasalita.

Nanlaki ang kanyang mga mata sa naririnig. Naghanap siya ng ligtas na lugar para i-park ang

kotse dahil naiinis na siya. Hindi niya akalain na pati pagdedesisyon ay papakialaman ng kuya niya.

*Ano na naman ang pinagsasabi ng pesteng ‘to! Buwisit talaga!* inis na inis na sabi niya sa sarili habang mataimtim na naghahanap ng parking lot.

“Si Travis, mabait ‘yon at siya ang tumulong sa akin na makapagtrabaho dito sa Vegas. Kung di dahil sa kanya wala akong ngayon sa kinatutu—” Hindi na nito natapos ang sinasabi dahil sumabad na ang dalaga. Nakahanap na siya ng tamang lugar para i-park ang kotse kaya maisasatinig na niya sa kapatid ang nais sabihin.

“Kuya! Hindi ko maintindihan ‘yang pinagsasasabi mo! Sino’ng titira sa bahay ko?” Naiiyak siya sa loob ng kotse dahil sa sobrang inis. Hindi pa nga nito nababayaran ang ten thousand pesos na utang at heto na naman at humihirit.

“Hindi ka ba nakikinig? Sabi ko ‘yung friend na tumulong sa akin dito sa Vegas para makapagtraba—”

“Kuya, hindi p’wede! Ayokong may kasama sa bahay, period! At wala akong pakialam d’yan sa mga tao na hindi ko kilala!”

“Hindi p’wede! Nasabi ko na sa kanya na p’wede siyang tumira sa bahay mo dahil mayroon akong

mabait at magandang kapatid. He flew yesterday from Vegas so malamang nandiyan na siya sa bahay mo. Don't worry, he's a very nice guy.”

“What the hell, Kuya! I don't care if he's a nice guy! I don't care if he's your goddamn friend! I don't care kung tinulungan ka niyang makahanap ng work diyan sa Vegas! Kuya, this is *my* life! Wala kang karapatang manghimasok sa buhay ko at lalong-lalo na wala kang karapatang magdesisyon para sa akin!”

“His name is Travis. Be nice to him, Oli. ‘Bye!’” Pinutol na ni Gary ang tawag. Ini-off pa nito ang cellphone para hindi ma-contact ng kapatid.

“Hello! Hello, Kuya! Kuya!” Nanggigigil na sumigaw siya sa loob ng kotse at gusto sana niyang ibato ang telepono sa sobrang galit. Kaso nanghinayang siya. Anim na buwan din niyang pinag-ipunan para makabili ng *iPhone*. Mahigpit niyang hinawakan ang manibela at pinaandar ang secondhand 1997 blue green *Honda Civic*.

Hindi lubos-maisip ni Olivia kung bakit ganoon na lamang ang papel ng kuya niya sa kanyang buhay. Mula pagkabata nila ay palagi na lamang siyang iniinis nito at pinapakialaman sa pagdedesisyon. Mabait ito sa kanya, pero kakaiba ang ugali dahil pinanghihimasukan ang buhay niya.

Dalawampu't pitong taon gulang na si Olivia Marie Santos o Oli for short. Nanalo siya ng one point five million pesos sa isang TV contest na sinalihan one year ago. Ginamit niya ang perang napanalunan sa pagbili ng isang lumang bahay sa probinsya. Binigyan niya ng balato ang kanyang mga magulang na sina Mang Rico at Aling Rosalinda na may sariling bahay. Binigyan niya rin ng balato ang ate niyang si Victoria na may tatlong anak pero walang asawa. Bumili siya ng secondhand na kotse para may magamit na sasakyan sa pagpasok sa trabaho at sa ibang lakad niya. Nang mabalitaan ng kuya niya ang kanyang pagkapanalo, nangutang ito ng pera at hindi na nagbayad. At ang natitira sa prize ay inilagak niya sa bangko at ginagastos sa pagpapaganda ng lumang bahay na nabili.

Ang pagkapanalo niyang iyon ay naging daan para magsarili si Oli sa buhay. Naguguluhan kasi siya sa bahay ng mga magulang niya. Pensyonado na ang mga ito subalit tumutulong kay Victoria. Matigas ang ulo ng kapatid niyang ito; iba-iba ang tatay ng tatlo nitong anak. Hindi ito mabuting ina at umaasa pa rin sa mga magulang. Ang mga anak ng ate niya ay ubod ng kukulit kaya naman hirap siya sa paggawa ng lesson plan noon. Kunsintidor din ang mga magulang niya sa mga apo kaya lumaking mga sutil ang mga

bata.

Gusto niya ang bago niyang buhay. Gusto niya ang kalayaan ng pag-iisa. Subalit heto na naman ang kuya niya at pinapakialaman siya. Mukhang hindi siya nito tatantanan.

Sumakit ang ulo niya sa inis na nararamdaman. bakit ba ganoon ang pamilya niya?

---

Malayo pa lang ang kanyang kotse, tanaw na ni Oli na may isang lalaking nakatayo sa labas ng kanyang bahay na may puting bakod. Siya rin ang gumawa ng gate. Gawa iyon sa kahoy at mag-isa niyang pininturahan.

Kumaway ang lalaki na parang kilala siya. Napasabunot ng buhok si Olivia sa sobrang inis dahil malamang iyon ang kaibigang tinutukoy ng pakialamero niyang kuya.

Habang papalapit ang kotse sa gate ay lalo niyang nakikita ang mukha nito.

“Putragis! Ang pangit!” Lalo siyang na-bad trip.

Nang pumarada ang kotse niya sa harap nito, ibinaba niya ang bintana sa kotse.

“Hi,” bati ng lalaki, sabay ngiti.

*Oh, my goodness! Mas lalong pangit sa malapitan. Mukhang rapist ‘to, eh! Hindi ako papayag na titira ang hunghang na ito sa bahay ko! Inis at galit ang nararamdaman niya sa pagkakataong iyon.*

“Ano’ng kailangan mo?” nakakunot-noong tanong niya.

“Ah...” Nag-isip ito at may kinuhang papel sa bulsa. “Saan ba ‘yung bahay ni Aling Tebursia? ‘Yung may tindahan ng homemade strawberry jam. Pamangkin kasi niya ako, eh, galing pa ako ng Mindanao. Nakakalito kasi ‘yung sketch na ginawa ng nanay ko.” Ipinakita nito ang mapa sa kanya.

Nakahinga siya nang maluwag. *Salamat naman at hindi ito ang friend ni Kuya. Sana maligaw ang lalaking ‘yon at di makita ang bahay ko.*

Kinuha ni Oli ang mapa na ginuhit lamang ng nanay ng lalaki. Maski siya ay nalilito at maliligaw sa mapa.

“Oo naman, kilala ko si Aling Tebursia; suki niya ako sa strawberry jam. Ganito... derechuhin mo ang kalyeng ito ‘tapos ‘yung unang kanto na makikita mo, lumiko ka sa kanan ‘tapos derecho ulit. May makikita kang malaking puno ng balete at may daanan sa

gilid n'un, pumasok ka. Lumiko ka sa kaliwa, 'tapos liko ulit sa kanan at kapag may nakita kang bahay na kulay puti ang pintura sa bubong, lumingon ka sa kanan mo at may makikita kang kanto, lumiko ka doon. 'Yung ikatlong bahay sa kanan ang bahay ni Aling Tebursia.'

Napakamot ng ulo ang binata. Hindi nito alam kung may natandaan ba ito sa mga pinagsasabi niya.

Alam ni Olivia na parang naguguluhan ang kausap at ayaw niyang bumalik pa ito sa bahay niya para magtanong. Minabuti niyang isulat ang direksyon sa isang papel. Nang matapos ay iniabot niya iyon sa estranghero.

“Salamat.”

“Walang anuman.” At nag-drive na siya papasok sa gate. Nagmamadali siyang pumasok sa bahay para alamin kung may trespasser sa loob. Baka kasi pumasok na lamang ang kaibigan ng kuya niya nang walang paalam. Baka rin kaparehas ng ugali ng pakialamerong kapatid ang 'buwisita' na makikituloy.

Sobrang saya niya at walang tao na pumasok sa bahay niya.

Tumungo siya sa kusina at binuksan ang refrigerator. Nag-isip siya ng simpleng iluluto para

sa gabing iyon. Inilabas niya ang dalawang sayote, tatlong hiwa ng pork chop, bawang, sibuyas, at kamatis.

Hindi muna siya nagpalit ng damit dahil gutom na siya. Ginisa niya ang sayote sa bawang, sibuyas at kamatis, habang piniprito ang porkchop at hinihintay maluto ang kain sa rice cooker.

Nang matapos siyang magluto ay saka siya nagpalit ng damit—isang sobrang lumang t-shirt na may mukha ni Michael Jackson at shorts. Nakayapak siya at naka-ponytail naman ang mahaba niyang buhok.

Mayroon siyang round table at may daisy na bulaklak sa gitna niyon.

Binuksan niya ang TV para manood ng balita. Ninamnam niya ang mga sandali dahil iyon ang buhay na gusto niya. Gusto niyang mamuhay mag-isa. Gusto niya na walang kahit sino ang makikialam sa kanya.

Nagpasya siyang kumain na ng hapunan. Nagdasal muna siya para magpasalamat sa buhay na tinatamasa. Susubo na sana niya nang tumunog ang doorbell. Kaagad niyang sinilip sa bintana kung sino ang nang-iistorbo.



“Hay naku! Hindi na-gets ang sinulat ko.” Sa tingin niya ay mahina ang pick-up ng pamangking lalaki ni Aling Tebursia pagdating sa direksyon.

Binuksan niya ang pinto. Laking gulat niya ng isang napakatangkad na lalaki ang tumambad sa kanyang harapan.

“Good evening po, I’m Travis. Pakisabi sa amo mo na ako ‘yung friend ni Gary na taga-Las Vegas. Please pakitawag si Ma’am Olivia mo.” Mukhang pagod si Travis, gutom na ito at gustong maligo.

Napagkamalan siyang katulong? Mukha ba siyang maid? Napahiya siya nang wala sa oras at nainis din sa six feet tall na lalaki.

Sinakyan niya ang maling akala nito.

*Katulong pala, ha!* “Naku! Pasensya na po, wala dito si Ate.” At pinagsarahan niya ng pinto ang estranghero. *Leche ka! Napagkamalan mo pa akong chimay!* gigil na sabi niya sa isip.

“Manang! Kaibigan ako ng kuya niya sa States! Alam ni Olivia na darating na ako!” Sunod-sunod ang ginawa nitong pagkatok sa pinto.

*At tinawag mo pa akong manang!* Hindi niya nagugustuhan ang mga nangyayari sa paligid niya

pati ang mga naririnig.

“Pagbuksan n’yo naman ako ng pinto! Isa po akong mabait at maginoong binata kahit galing ako sa Amerika. Isa po akong pure-blooded na Pinoy, tisoy nga lang. Manang, please po!”

Hindi niya pinansin si Travis at itinuloy ang pagkain. Kung noong nakaraang mga oras ay naiinis siya, ngayon ay galit na galit na siya.

Tinawagan ni Travis si Gary sa Las Vegas. Sinabi nito na wala roon si Olivia at ang katulong lang ang nadatnan at ayaw itong papasukin. Alam ni Gary na walang katulong ang bunsong kapatid dahil kuripot.

Kaagad na tinawagan siya nito.

Nag-ring ang cellphone niya. Alam niya kung sino ang tumatawag. Ayaw niyang sagutin ang phone, patuloy lang ito sa pag-ring at patuloy rin sa pagkatok si Travis.

Nagdedeliryo siya sa galit. Naririndi siya sa pag-ring ng cellphone, pagkatok at pagmamakaawa ni Travis sa labas ng bahay.

Pinatay niya ang aparato para hindi na makatawag si Gary. Nag-ipon siya ng lakas ng loob para harapin muli ang kaibigan ng kuya niya.

Binuksan niya ang pinto at nakatayo pa rin doon ang binata.

“Salamat, Manang, hindi naman ako magtatagal dito. Maghahanap din ako ng bahay na matitirahan. Pansamantala lang ang pag-stay ko sa bahay ng amo.”

May naisip siya.

“Pasensya na, bawal kasi akong magpatuloy ng estranghero kapag wala si Ate. Wala siyang sinabi sa akin na may darating na kaibigan ang Kuya Gary niya. Pasensya na po.” Pero sa kalooban niya ay nagliliyab siya sa galit.

Naintindihan iyon ni Travis.

“Gan’un ba? Kailan ba darating ang Ate Olivia mo? Sabi kasi ni Gray ay pre-school teacher daw siya dito. Saan ba siya nagpunta?” usisa nito.

“H-ha? Uhm... nag-leave kasi siya sa school. Nagpunta siya sa malayong lugar... sa Batanes. Matagal pa ang balik niya,” pagsisinungaling niya.

Naging malungkot ang pagmumukha ng binata. Saan ngayon ito matutulog? Wala itong dalang kotse. Buti sana kung nag-rent ito ng sasakyan sa bayan kaso umasa ito na may matutuluyan kaagad.

Kahit may pera, hindi naman nito magagamit iyon dahil gabi na at mistulang tulog na ang lahat ng tao roon at sarado na ang mga establishments.

“Pasenya na rin po sa abala. P’wede po bang makiinom na lang ng isang baso na malamig na malamig na tubig?” huling hirit nito bago umalis.

Bumuntong-hininga ang galit na dalaga.

“Okay, sandali lang.” Muli niyang isinara ang pinto. At sa pagbalik ay may dala na siyang malamig na tubig na may maraming ice cubes.

Iniabot niya iyon sa binatang uhaw at pagod.

“Salamat po.” Ininom kaagad nito ang malamig na malamig na tubig hanggang sa naubos. “Sige po, alis na ako,” paalam nito.

“Okay.” Pinagsarahan niya ito ng pinto. Hindi pa rin siya nakakahinga nang maluwig dahil galit na galit pa rin siya sa kuya niyang pakialamero.

Bago siya matulog, siniguro niyang sarado ang bawat bintana at pinto sa bahay niya. Dahil sa inis at galit ay alas tres na ng madaling-araw bago nakatulog si Olivia.

## 2

Napabalikwas siya sa kama ng mag-ring ang alarm clock; alas seis na ng umaga. Nagmamadaling bumangon si Olivia at nagtungo sa shower habang nakapikit. Pagkatapos maligo ay inaantok pa rin siya.

Muli siyang bumalik sa kama at nahiga. Hindi niya napansin na unti-unti ay nakakatulog na naman siya. Bigla siyang napamulagat nang maalala ang mga batang naghihintay sa kanya. Mabilis siyang bumangon at nagbihis.

Hindi na siya naghanda ng almusal dahil pakiramdam niya ay mahuhuli siya sa pagpasok sa eskuwelahan. Kumuha na lamang siya ng isang mansanas at isang plastic bottle ng mineral water.

Naglagay siya translucent powder sa mukha at nagpahid ng lipstick. Ready na siyang umalis ng bahay.

Laking gulat niya nang sa kanyang paglabas ay may makita siyang isang lalaking natutulog sa silya ng porch ng tahanan niya.

Nakabaluktot ito na tila nilalamig.

*A Charming Accident - Liana Sky*

---

Bumuntong-hininga muli siya. Alam niyang si Travis iyon, ang kaibigan ng kuya niya.

Umiling na nilagpasan niya ito. *Taga-Amerika nga, eh, di naman maka-afford kumuha ng hotel sa bayan. At bakit kailangan talaga na sa bahay ko makituloy?*

Umungol ang binata.

Napatigil siya sa paglalakad patungo sa kanyang kotse. Lumingon siya para tingnan ito. Muling umungol ito na parang nahihirapan.

Nilapitan na niya ang binata at hinawakan ang noo.

*Oh, my goodness! At may lagnat pa ngayon ang mokong na ito! Ano ba naman! Kung hahayaan ko ang lalaking ito, baka may mangyari pang masama sa kanya. Ako pa ang sisihin. Nakakabuwisit ka talaga, Kuya!*

No choice siya ngayon. Kailangan niyang tulungan ang kaibigan ng kapatid na hindi niya pinatuloy nang nakaraang gabi kaya ito nagkasakit.

Minabuti niyang gisingin ito. Hindi niya kakayaning buhatin ang lalaking ito.

“Travis, Travis, gising.” Tinatapik niya ito nang

medyo malakas sa pisngi habang tinatawag ang pangalan nito.

Umungol ito bilang sagot. Mistulang hirap na hirap ito. Mainit ang buo nitong katawan dahil sa taas ng lagnat.

Tiningnan ni Oli ang wristwatch; seven thirty na. Alas ocho y media ang simula ng klase niya. Pero isang oras halos ang biyahe papuntang bayan kung saan siya nagtuturo.

“Travis, bumangon ka at aalalayan kita.” Dahan-dahan niyang hinawakan ang braso nito para makatayo ito.

Hinang-hina ang binata subalit pinilit nitong bumangon. Halos mabuwal sila sa paglalakad, ngunit pinilit pa rin niyang maipasok ito sa loob ng bahay. Pinahiga niya ito sa couch. Inayos niya ang pagkakahiga nito dahil sa sobrang tangkad—hindi ito magkasya sa hinihigaan. Kumuha siya ng blanket sa kuwarto at kinumutan ito.

Sumunod niyang kinuha ay ang isang malaki at isang maliit nitong luggage na nakatabi sa front door.

Kahit naiinis pa rin siya dahil sa responsibilidad na ibinigay ng kuya niya na hindi naman niya tinanggap—kailangan niyang tulungang gumaling

ang lalaking iyon.

Kumuha siya ng isang face towel at binabad iyon sa maligamgam na tubig. Pinunasan muna niya ang mukha ni Travis bago nilagyan ng icebag ang noo nito.

Nagluto rin siya ng instant noodles para higupin nito. Kumuha siya ng gamot para sa lagnat para painumin ito.

Muli niyang tiningnan ang wristwatch; alas ocho na. Malabo nang makapasok siya sa klase. Tumawag siya sa eskuwelahan at sinabing mahuhuli siya ng dating. May substitute teacher naman kaagad ang paaralan para sa kanya.

“Travis, gising,” tawag niya rito habang niyuyugyog.

Nagmulat ito ng mga mata. Isang maganda at mabangong dalaga ang bumungad sa paningin nito. Mainit ang singaw ng mga mata at ilong nito dahil sa taas ng lagnat.

Tinulungan niya itong makaupo. Hindi umiimik si Travis dahil sa sama ng pakiramdam. Hindi na nito naiisip kung sino ang magandang dalagang iyon.

Nang makapuwesto nang maayos sa couch,



dahan-dahang sinubuan niya ng mainit na noodles ang kawawang lalaki. Nang maubos iyon ay pinainom niya ito ng gamot. Bumalik muli ito sa pagkakahiga at natulog. Hindi na nito naaalalang magpasalamat kay Oli dahil sa sama ng pakiramdam.

Napapailing na lamang siya habang inililigpit ang bowl at baso. Hindi niya alam kung ano ang gagawin sa mga susunod pang oras dahil naiinis pa rin siya.

Iniwang na lamang niya si Travis sa bahay. Nagmamadali na siyang umalis para magtungo sa ekuwelahan. Iyon ang kauna-unahang pagkakataon na na-late siya.

---

Pagdating niya sa bahay, nandoon pa rin si Travis at nakahiga sa couch. Tulog pa rin ito. Inilapat niya ang kamay sa noon ng binata para i-check kung may lagnat pa rin ito.

Laking tuwa niya dahil hindi na ito mainit at mukhang magaling na. Umakyat siya sa kanyang kuwarto at nagpalit ng damit. Maayos na ang suot niya, para hindi na siya nito muling pagkamalan na katulong.

White skirt na below the knee ang haba at green t-shirt ang napili niyang isuot na tinernuhan niya ng

sandals. Nakalugay ang wavy niyang buhok.

Pagbaba niya galing kuwarto ay tulog pa rin ang binata. Nagluto siya ng sopas para sa kanilang dalawa. Nagprito rin siya ng fried chicken.

Gumawa rin siya ng strawberry shake. Maingay ang tunog na nililikha ng blender niya kaya naalimpungatan si Travis.

Iminulat nito ang mga mata; malabo ang paningin nito. Tanaw mula sa living room ang kitchen kaya nakita nito ang isang babae na gumagawa ng shake.

Unti-unti ay lumilinaw ang paningin nito. Dahan-dahan itong bumangon sa couch at umupo. Pinagmamasdan lamang nito ang abalang dalaga.

Napalingon si Oli para i-check ang kanyang ‘pasyente’. “Hi, gising ka na pala. Dinner is ready. Kain tayo,” plastic na pagyaya niya. Pinakikiharapan niya ito bilang tao; iyon lamang ang dahilan.

Naka-set na ang table. Hindi mahiyain si Travis. Kaagad itong naglakad patungo sa hapag para saluhan siya sa hapunan.

Umupo ito sa tapat niya. Naghari ang katahimikan. Tanging tunog ng mga kubyertos ang naririnig.

Binasag nito ang katahimikan.

“You must be... Olivia, right?” Nakatingin ito nang derecho sa dalaga. Tila namumukhaan siya nito. Pinamulahan ito ng mukha dahil naalala nitong siya rin ang babaeng pinagkamalan nitong katulong nang nakaraang gabi.

Mas maliwanag lang ngayon at close nitong nakikita ang maganda niyang mukha.

Tumango lamang siya.

“I’m sorry about last night. I was so tired and hungry, hindi ko sinasadyang mapagkamalan kang...” Napailing ito dahil sa hiya.

“It’s all right, no big deal.” It’s a *big deal* for her, kaya lang nagpapanggap siyang ayos lang.

Muling naghari ang katahimikan sa kanilang dalawa.

Humigop ng mainit na sopas ang binata. Hindi nito maiwasang mapatingin sa magandang kasalo.

“So, what’s your next plan?” tanong niya.

“What do you mean?” kunot-noong tanong nito habang kumakain.

“Of all places, why do you choose to be here? Where do you plan to stay after dinner? When are

you gonna leave?” mataray na tanong niya.

Muling sumiklab ang kanyang galit sa tuwing maaalala na kaya nandoon ang matangkad na binata ay dahil sa kuya niyang pakialamero ever.

Tumigil ito sa pagkain para magpaliwanag.

“Bago ako umalis sa Vegas, malinaw na sinabi sa akin ni Gary na kinausap ka niya at pumayag ka daw na dito ako titira pansamantala habang naghahanap ako ng apartment na malapit sa bayan.”

Napahawak sa noo si Oli at tumigil din sa pagkain. Pakiramdam niya ay siya naman ang magkakasakit.

Kung puwede lang niyang sabihin na pakialamero sa buhay ang nakatatandang kapatid. Kaso hindi naman niya ilalaglag ang sarili niyang dugo kahit inis na inis siya. At kung sasabihin niyang hindi niya alam ang mga plano ni Gary, baka masira ang pagkakaibigan ng dalawa at mawalan ito ng trabaho at siya pa ang sisihin. Lalo siyang guguluhin nito.

“Kaya alam kong alam mo na darating ako rito. So prepared ako sa upa at sa lahat dahil alam ko na pumayag ka. Hindi ako susulpot dito basta-basta kung hindi mo alam, kaya naman nagulat ako sa reaksyon mo kagabi na parang hindi mo ako inaasahang dumating,” dagdag nito

“Alam mo, mahabang kuwento at gugulo lalo ang lahat kapag sinabi ko pa sa ‘yo ang mga bagay-bagay tungkol sa ugali ng kuya ko at ang pakikialam niya sa buhay ko.”

“I don’t understand.” Nakakunot-noo ito habang umiinom ng tubig.

“You don’t need to understand. Tatal nandito ka na... welcome to my home.” Plastic na ngiti niya.

“Thank you.” Lumuwag na ang kalooban nito. “So how much is my rent?” Hindi na ito makapaghintay kung magkano ang babayaran sa pananatili sa magandang bahay na iyon.

May presyo kaagad na pumasok sa isip ng dalaga.

“Five thousand pesos a month. Kasama na doon ang electricity bill at water bill mo.” Lumuwag ang kalooban niya pagkasabi ng halaga. At least, may dagdag income siyang limang libong piso kada buwan.

“Okay,” walang reklamong sagot nito. Mura na iyon para kay Travis.

“You can buy the food you want. Mayroong maliit na fridge sa room, pero p’wede mong ilagay dito sa ref ko ang iba mong pagkain. Don’t worry, hindi ko

iyon gagalawin.”

---

Pagkatapos kumain ay sinamahan ni Oli ang lalaki sa magiging silid nito.

“Ito ang room mo. Wala kang choice kasi ‘yung isang kuwarto halos parehas lang din ang interior.” Pumasok sila sa puting kuwarto na may pink bedsheets at pillowcases.

Natawa na lamang si Travis habang iginagala ang mga mata sa kuwarto. Nagandahan ito sa loob kaya lang halatang kuwarto iyon ng isang sweet na dalaga.

“Andito ang mga towels, p’wede mo ‘yang gamitin. Gumagana rin ang hot and cold water sa shower. Minsan nawawalan ng hot water, pihitin mo lang ‘yung switch sa likod-bahay then p’wede ka nang maligo. May toothpaste d’yan, shampoo, body wash.” May naisip siya. “Lahat ng stock na body wash, eh, puro pambabae.”

“No problem. I can buy my own body wash,” anito at ngumiti.

“Pasenya na’t walang airconditioning dito, electric fan lang.”

“No problem. I can buy my own AC.” Hindi ito

sanay matulog na walang airconditioning.

Sumunod ay ipinakita niya ang closet. “Hindi masyadong malaki ang closet pero may mga drawers box naman.” Naglakad na sila palabas ng kuwarto para i-tour niya sa iba pang lugar sa bahay ang kanyang boarder.

“Ito ang kitchen ko. Please, kung may kukunin ka ay pakibalik sa dati kung saan mo kinuha. Pagkatapos gamitin ang mga kutsilyo, please, huwag mong iiwan sa sink; instead leave it on the counter. Ayoko din ng may hugasing maiiwan sa lababo kahit isang baso lang, wala kasi akong dishwasher..”

Nakikinig lang nang mabuti ang binata sa mga house rules.

“Gusto ko na palaging malinis ang kitchen. Okay?”

“Okay!”

Binuksan niya ang cupboards para ipaalam kay Travis na roon nakalagay ang mga kaserola at iba pang gamit pangkusina.

“Dito naman ang laundry room. Ito ang washing machine at dryer. Hindi natutuyo agad ang mga labada sa dryer kaya kailangan pang isampay sa

labas. Ang wash day ko ay Sunday so mayroon kang six days para pumili kung kelan mo gustong maglaba.” Tumango lamang ito. Itinuro rin niya kung saan nakatago ang sabong panlaba at fabric softener.

Sumunod nilang pinuntahan ay ang living room.

“Ito ang mga remote controls.” Nakahilera ang mga iyon sa center table. Itinuro niya kung aling remote control ang para sa TV, stereo component, DVD player at electric fan. Ipinaalala rin niyang may airconditioning sa sala.

Umakyat sila sa second floor ng bahay. Ipinakita niya rito ang munting library. “I love books, pero di ko pa lahat nababasa ang mga nand’yan,” tukoy niya sa mga librong nakahilera bookshelf.

Nakatawag-pansin kay Travis ang ilang cookbooks doon. “You love to cook?” tanong nito.

“Once in a while I love to cook, pero minsan tinatamad ako kaya kumakain na lang ako sa fastfood,” sagot niya. “At heto ang mga susi...” Ipinakita niya ang tatlong susi para sa front door, sa backdoor at sa kuwarta nito. “May duplicate ako n’yan mula noong lumipat ako dito.” Inabot niya rito ang mga susi.

Tinanggap naman iyon ng lalaki.



### 3

Paalis na si Olivia para pumasok sa trabaho nang tawagin siya ni Travis.

“P’wede bang sumabay sa ‘yo papuntang bayan?”

Iistorbohin siya? Baka gawin pa siyang tour guide nito?

“Sure. Saan sa bayan?”

Pumasok na ito sa loob ng kotse. “Sa *Peace Way Hotel*.” Isa sa pinakasikat at bagong hotel iyon sa bayan ng San Dionisio.

Pinaandar na niya ang kotse.

“Ano’ng gagawin mo d’on?” usisa niya.

“Wala lang, papasyal,” maiksing sagot nito.

Nakalimutan niyang mayaman ang lalaki. Isa itong milyonaryo.

“Okay, balita ko maganda daw sa loob ng hotel na iyon. Pero mas maraming magagandang hotels sa Vegas, di ba?”

Napatango ito. “Oo naman.”

“Ano ang pinakamagandang hotel para sa ‘yo sa Las Vegas?” Naisip lamang niyang itanong iyon para may mapag-usapan sila at hindi maging boring ang pagda-drive niya.

Nag-isip ito.

“Para sa akin, *Bellagio Hotel*.”

“I’ve seen some pictures of that hotel and it’s really beautiful! Di ba may fountain show doon?”

“Yup! Gusto mo bang makapunta sa Las Vegas balang araw?”

“Sure, why not? Sabi ni Kuya invite niya raw ako next year para pumunta doon, ewan ko lang kung tototohanin niya. Sana nga.” Alam ni Oli na pulos pangako lang si Gary tulad na lang ng pangako nito na babayaran ang utang.

“Good, para ako naman ang mag-to-tour sa ‘yo doon. Kung di ka matuloy i-invite ni Gary, then ako na lang ang mag-i-invite sa ‘yo as tourist. Iyon ay kung type mo ang city life, Vegas is the place to go,” pahayag nito.

“Ayoko ng city life kaya nga lumipat ako dito. Pero siguro just for the sake of visiting, gusto kong makapunta doon.”

“Marami kang mapupuntahan sa Las Vegas at di lang naman puro casino at hotel.”

“Excited na tuloy ako. Hay, sige, at mag-iipon na ako ng pera para makapagbakasyon doon next year.”

May naisip si Travis.

“It’s not typical sa isang dalagang Filipina na magkaroon agad ng sariling bahay, right? I was just wondering kung gaano ka kasipag at napundar mo na ang lahat ng ito?” Hindi kasi ito makapaniwala na may maganda nang bahay ang dalaga gayung ang alam nito ay mahirap ang buhay sa Pilipinas.

“Ganito yon...” Inilahad ni Oli ang tungkol sa pagsali sa isang game contest sa TV at ang pagkapanalo niya maging kung ano ang kanyang ginawa sa prize money. “Bibihira lang dumating ang suwerte kaya naman naging wise na ako.”

“Good.”

“So, ikaw naman, nasa isang maganda at mayamang city ka na, bakit ka pa pumunta sa isang lugar na kabaligtaran ng lahat ng nandoon sa Vegas?”

“Well, meron akong gustong gawin sa buhay ko at gagawin ko ‘yon. Gusto ko kasing lumayo sa city life dahil nakakasawa din. Nakaka-miss din ang

Pilipinas. Sa Manila ako ipinanganak. Nag-migrate kami sa Las Vegas when I was fifteen. Fifteen years ang lumipas bago ako nakabalik ulit ng Pilipinas.”

“Ang tagal ding hindi ka umuwi dito. Well, sorry pala sa naging trato ko sa ‘yo the other night.” Na-realize ni Olivia na ang sama ng pagtanggap niya sa isang balikbayan na fifteen years ang inilagi sa America bago nakabalik sa bansang sinilangan.

Malapit na sila sa *Peace Way Hotel*. Ilang sandali pa’y bumaba na si Travis ng kotse at sumilip sa bintana.

“Thanks, Olivia.” Nakangiti ito.

“You’re welcome, Travis.” At umalis na siya.

---

Tatlong oras naghintay si Travis sa lobby ng hotel. Lahat ng sinabi niyang dahilan kay Olivia kung bakit siya nagbalik sa Pilipinas ay pulos kasinungalingan. Isa lamang ang dahilan ng kanyang pagbabalik. Iyon ay walang iba kundi si Ashley.

Handa siyang maghintay kahit abutin pa siya ng magpakailanman sa lobby ng hotel. Gagawin niya ang kahit ano para sa babaeng pinakamamahal.

Siya si Travis Marcus Yu, isang Fil-Am na

milyonaryo. Ngunit sa kabila ng pagiging mayaman, nananatiling simple ang binata. Iniiwasan niyang maging koneksyon ang mga magulang sa kanyang mga tagumpay sa buhay. Gusto niyang paghirapan ang lahat.

Isa siyang executive chef sa isang sikat na hotel sa Las Vegas. Independent, masikap, matalino, masinop, confused minsan sa mga desisyon sa buhay, perfectionist din siya pagdating sa pagluluto.

Napatayo siya sa kinauupuan nang makita ang pinakamagandang babaeng pumasok sa loob ng hotel—si Ashley.

Napatigil sa paglalakad ang dalaga nang hindi nito inaasahang makita si Travis. Kumabog ang puso nito. Hindi nito maintindihan kung bakit ganoon na lamang ang effort na ginagawa ng lalaki para rito.

Nang mapansin niyang tumigil ito sa paglalakad, siya na ang kusang lumapit.

Magkatapat na silang dalawa. Isang taon din bago sila muling nagkita. Hindi inaasahan ni Ashley na matatagpuan niya ito.

“Hi.” Siya ang naunang bumati.

“What are you doing here? Paano mo nalamang

dito ako nagtatrabaho?” naguguluhang tanong nito.

Isang taon magmula nang mag-break sila. Nagkakilala sila sa isang sikat na hotel sa Las Vegas kung saan dati silang magkatrabaho.

Naghiwalay sila dahil may ibang lalaki raw na mahal si Ashley, pero hindi naman ito mahal ng lalaking iniibig. Hindi rin nagtagal ang relasyon ng dalawa at naghiwalay rin.

Hindi nito tunay na mahal si Travis, pero ayaw niyang paniwalaan iyon.

Baliw na baliw siya magpahanggang ngayon sa kagandahan nito. At mula nang maghiwalay sila ay hindi siya nagkaroon ng ibang girlfriend dahil sa puso niya ay ang dating nobya pa rin ang kaisang-isang nagmamay-ari niyon.

“Hindi na mahalaga kung paano kita natagpuan... ang mahalaga ay natagpuan kita. I miss you, babe.” At niyakap niya ang dalaga. Tila nalimutan na niyang isang taon na silang magkahiwalay.

Kaagad nitong inilayo ang katawan sa kanya.

“Ano ba, Travis, we’re over. Nakalimutan mo na ba?” Naguguluhan ito sa kinikilos niya.

“Let’s give each other a second chance. I still love

you, Ashley.” Pagdating sa dalaga ay tila masisiraan ng ulo si Travis. Nagiging corny rin siya kapag kaharap ito.

Nahihiya na ito sa kanyang ikinikilos at pinagsasabi. Hinila siya nito hanggang makarating sila sa parking lot kung saan nakahimpil ang kotse nito.

Pumasok sila roon para mag-usap.

“Travis, ayoko sa ‘yo. Tapos na tayo. I don’t care if you traveled a thousand miles para makita ako,” napapailing na pahayag nito.

“I love you, Ashley. Pareho na tayong malaya... please, give me another chance.” Tinitigan niya ang magandang mukha nito.

“Travis... I can’t... I don’t love you. Hindi mo ba iyon naiintindihan?”

“I don’t care if you don’t love me. Bigyan mo lang ulit ako ng chance para mahal in ka.”

Para sa kanya, si Ashley ang pinakamagandang babaesabuongmundo. Si Ashley rin ang pinakamatalino, mabait, sexy, talented, pinakamagaling magluto at pinakamabuting babae para maging asawa.

“Travis...” Naiiyak itong nakatitig sa mga mata

ng lalaking nagmamakaawa.

Kung puwede lang sana nitong mahalina siyang muli. Subalit kung mamahalin ba nito muli si Travis sa pagkakataong iyon, may pagkakaiba ba ang magiging damdamin nito sa kanya noong sila pang dalawa?

“Please, get out of my car and leave me alone,” umiiyak na pakiusap nito. Hindi nito alam kung paano ipapamulat sa lalaki na wala na silang pag-asa pa na maging sila muli.

Nagtiim-bagang ang binata. “Ashley, please...”

“I’m sorry... I don’t love you, I don’t need you, Travis. Ano pa ba ang gusto mong marinig?” Pinahid nito ang luha.

Napapailing na lumabas siya ng kotse. Masyado na siyang napahiya, kulang na lang ay bigyan siya ni Ashley ng mag-asawang sampal para matauhan siya.

Pinaandar na nito ang kotse palayo. Naiwan siyang nakatayo at pinagmamasdan ang paglaho ng sasakyan sa kanyang paningin.

Nagsimula siyang maglakad. Ang bawat hakbang ay katumbas ng kabiguan sa lahat ng sakripisyo at pagod na pinuhunan niya pabalik ng Pilipinas.

Dumilim ang mundo niya. Kahit pa tanghaling



tapat, pakiramdam niya ay gabi na. Bigla siyang naging matamlay at nakaramdaman na baka magkasakit na naman siya. Isang sakit na si Ashley lang ang puwedeng maging gamot.

Nagtungo siya sa isang cheap na bar sa bayan. Umupo siya roon at uminom mag-isa. Pagkatapos ay naghanap ng rent a car service. Pinalad naman siyang makakuha ng sasakyang magagamit.

---

Alas nueve na ng gabi nang makarating ang binata sa bahay ni Olivia. Napasilip sa bintana ang dalaga nang marinig ang ugong ng isang sasakyan. Napangiti siya nang makita ang kotseng nirentahan ni Travis sa bayan.

“Hey!” bungad niya pagpasok nito sa loob. Nanonood siya ng TV sa living room.

“Hey,” tugon nito at umupo sa couch.

Napansin niyang tila masama ang hilatsa ng mukha nito. Napakagat-labi siya.

“Olivia...”

“Bakit?”

“P’wede bang uminom ng beer dito sa bahay mo?”

Wala akong naaalala na sinabi mong bawal uminom ng beer o wine.”

“Hmm...” Nag-isip siya. Wala siyang naaalala na may sinabi nga siya tungkol sa pag-inom. Hindi alam ni Travis na isa siyang tomador lalo na noong college days niya.

Tatlong taon na rin siyang hindi nakakatikim ng alak. Sa wakas ay may makakasama na siya sa pag-inom.

“Sure, pero wala akong beer dito,” tugon niya.

“Ayos lang ‘yon, bibili ako sa bayan.”

“Ang layo kaya.”

“Ayos lang. Sige, babalik ako.”

“Ingat sa pag-drive.” Bilib siya sa sense of direction ng binata. Mukhang naisaulo na nito ang buong bayan ng San Dionisio. Mukhang hindi na rin ito takot na maligaw.

At pagkalipas ng isang oras...

Isang case ng *San Mig Light* at isang bote ng wine ang dala ni Travis pagbalik nito. Laking gulat ni Oli sa nakitang iinumina nila.

“Holy Molly! Are you kidding me? Iinumina natin

‘to? Okay ka lang?’ natatawang tanong niya. Feeling niya bigla ay close na sila ng binata kahit noong isang nakaraang gabi lang ay ipinagtabuyan niya ito.

“Hindi natin iinumina lahat ito. Stock ‘yung iba para di na ako pabalik-balik sa bayan,” paliwanag nito.

“Okay.” Tinulungan niyang ilagay sa refrigerator ang mga lata ng beer.

Naglatag ng table cloth si Oli sa living room at doon inilagay ang ibang bote ng beer at isang boteng red wine. Naglagay rin siya ng chicharon at mani sa plato.

Sinimulan na nilang uminom habang nanonood ng TV.

“So, ano’ng nangyari sa pag-visit mo sa *Peace Way Hotel*? Nagustuhan mo ba ‘yung lugar?” Kumuha siya ng chicharon at sinubo.

Nalungkot si Travis dahil naalala nito ang masaklap na nangyari nang umagang iyon.

“Ayos lang, hindi ko pala nasabi sa ‘yo na isa akong chef. Nagpunta ako doon kanina para magtanong kung open ba sila for hiring.” Iyon ang susunod na hakbang na gagawin nito. Babalik ito sa

*Peace Way Hotel* at mag-a-apply bilang executive chef para lalong mapalapit kay Ashley.

Siguradong matatanggap siya dahil sa magandang credentials niya.

“Babalik ako d’un next Monday para mag-submit ng resumé. Maghahanap na rin ako ng apartment para matirahan at bibili ng kotse.”

“Good for you.” Sumaya si Oli sa narinig.

“Pasensya na sa istorbo sa bahay mo.”

“Mukha ka naman mabait kaya okay lang. Take your time.

“Thanks, Olivia.”

“Oli na lang.”

“Okay, thanks, Oli.” At ngumiti ang binata.

Lumalalim na ang gabi at umiinom pa rin silang dalawa. Sobrang na-miss ng dalaga ang beer kaya naman ninamnam na niya ang pagkakataon. Hindi siya iyong tipo ng babae na kapag nalalasing ay nawawala sa sarili.

Nakakapagsasalita pa rin siya nang maayos. Ang problema nga lang ay mahihiluhin siya.

Napatingin siya sa orasan; ala una na ng madaling-araw. Hindi nila napansin ang oras dahil sa enjoyment sa pagkukuwentuhan at pag-inom ng beer.

Mabuti na lang at Sabado kinabukasan. Wala siyang pasok sa school kaya puwede siyang matulog nang mahimbing.

Namangha si Travis sa resistensya ng dalaga pagdating sa pag-inom. Tila hindi tinatamaan.

“Bilib ako sa ‘yo, ang lakas mong uminom; mana ka sa Kuya Gary mo,” natatawang sabi nito.

“Grabe, kung alam mo lang. Ang tagal bago ulit ako nakainom ng beer. Sobrang miss ko na ‘to!” Hinalikan niya ang bote. Bigla siyang nakaramdam na gusto niyang umihi.

Pagtayo niya ay muntik na siyang mabuwal. Bigla siyang tumawa.

“Are you okay?” natatawang tanong nito. “Lasing ka na ‘ata.”

“Uy, hindi ako lasing. Medyo nahihilo lang. I’m fine, thank you.” Lasing na siya at hindi na niya iyon maitatago.

Ni hindi na siya makalakad nang derecho papuntang banyo. At pagbalik niya, nakangiti siyang

naglakad papuntang couch, pero dahil sa sobrang pagkalasing ay nabuwal siya sa harapan ng binata.

Di-sinasadyang tumama ang kanyang bibig sa mga labi nito. Napamulagat siya at tila nawala ang pagkalasing. Pinipilit niyang tumayo para makalyo kay Travis. Naalala niya ang familiar scene na iyon sa mga pelikula. Alam na niya ang maaaring sumunod na mangyayari.

*Patay kang bata ka, Oli!* sabi niya sa sarili. Pinilit niyang tumayo dahil mukhang magkakatotoo ang ganoong eksenang sa pelikula nang wala sa oras.

Subalit huli na ang lahat. May tila kuryenteng dumaloy sa katawan ng lalaki. Hindi na siya nito pinakawalan.

Pasabunot siyang hinawakan nito sa buhok at inihiga sa couch. Mainit nitong sinakop ang kanyang mga labi. Dahil sa kalasingan ay nagkaroon siya ng lakas ng loob na makipagtagisan ng halikan kay Travis.

Ang tagal din bago siya muling nakatikim ng halik mula sa isang lalaki. Ang ikalawa niyang boyfriend na isang college classmate five years ago ang huling lalaking umangkin sa maganda niyang katawan.

Heto ngayon at isang lalaking dalawang araw

pa lamang niyang nakikila ang pinagkalooban niya ng ligaya.

*He's a beast.* Iyon ang nasa isip ni Olivia habang inaangkin siya ni Travis. Everytime she asked for more ay patuloy naman ito sa pagbibigay ng kasiyahan sa kanya.

Pinaghalong pananabik, frustration at lust ang nararamdaman nito. Nakalimutan nito pansamantala si Ashley.

Binuhat siya nito at dinala sa kuwarto para muling angkinin.